Para sa mga magulang

タガログ語

Impormasyon para sa Pinansyal na Tulong sa Paaralan para sa Taong 2026(gastos para sa pag-enrol)

令和８年度 就学援助制度（入学準備金等）のお知らせ

Ang Toyohashi city ay nagbibigay ng tulong pinansyal para sa gastos ng paghahanda sa pag-enrol, atbp.ng mga bata sa pampublikong elementary. Sinusuportahan ang mga nakatugon sa mga pamantayan sa sertipikasyon ng sistema. Para sa mga nais makatanggap ng tulong, mangyaring mag-aplay po lamang nang naaayon sa nakasaad sa ibaba.

Bilang karagdagan, mangyaring tandaan na ang mga nais na makatanggap ng tulong(school assistance) pagkatapos ng pagpapatala (para sa school year 2027) ay kailangang mag-aplay nang hiwalay simula Marso 2, 2027.

1. Panahon at lugar ng pag-apply.

(1) Araw at oras: Simula Nov. 2 (Monday) ～ Nov. 30 (Monday) 2026

「Maliban sa Sat., Sun. at holidays , 8:30 AM～5:15 PM Weekdays」

Tuwing Monday at Wednesday ay may Tagalog interpreter 9:00～3:00 PM

(2) Lugar: Toyohashi City Hall, School Education Division (Toyohashi City Hall East bldg. 11th Floor)

※ Ang mga aplikasyon ay hindi matatanggap matapos lumampas ang panahon ng aplikasyon (sa kasong ito, ibibigay ang tulong sa paaralan ng susunod na taon matapos mag-aplay ng school assistance mula March 2 hanggang April 30 (susunod na taon) at kung maaaprubahan ay ang mga bagong school supplies sa paaralan ang susuportahan)

2. Mga kailangan sa pag-apply

(1) Bankbook ng magulang

※Maaaring hanapan kayo ng karagdagang papeles kung kinakailangan. (Basahin sa ibaba)

3. Bayaring sinusuportahan ng programang ito

Klase ng suporta	School Grade	Paraan ng pagbigay	Panahon ng pagbigay
Gastos para sa pag-enrol (Elem. sch.)	Inaasahang papasok sa Elem.sch. ng lungsod	Sa mga naaprubahang makatanggap ng tulong para sa gastos sa pag-enrol ay makakatanggap ng nakatakdang halaga kung naninirahan sa Toyohashi City nang January 31, 2027.	Katapusan ng Feb.※1
Bayad sa “School life management guidance form		Kaugnay sa application document（※2）「School life management guidance form」ibabalik ang binayad(¥2000 pababa)	Sa oras ng aplikasyon

※1 Sa mga nakatanggap ng tulong, kahit na sertipikado para sa tulong sa paaralan (school assistance) sa susunod na taon, ay hindi na makakatanggap ng tulong para sa mga bagong gamit sa paaralan.

※2 Kinakailangan nang hiwalay at bukod na aplikasyon sa tulong para sa gastos ng paghahanda sa pag-enrol at「School life management guidance form」at susuportahan namin ang bayad sa dokumento mula ika-1 ng Disyembre. Ang deadline para sa aplikasyon ay March 31, 2027. Para sa mga detalye, tumawag sa Health and School meal Divisiion（51-2835）.

4. Mga maaaring makatanggap ng tulong

No	Kondisyon	Kinakailangan na dokumento
1	Net Income (ang kabuuang kita ng mga magulang at mga miyembro ng parehong sambahayan) ay mas mababa kaysa sa pamantayan.	**Hindi na kailangan** Gayunpaman, kung hindi nakarehistro bilang residente sa Toyohashi City nung Jan. 1, 2026 ay kailangan ng income certificate para sa taong 2026.
	(1) Kapag ang net income ng magulang at iba pang miyembro ng pamilya (nakarehistro sa isang household) na nagtatrabaho ay mas mababa sa halaga na itinakda sa ibaba. Isama ang halaga ng kita ng magulang na nakatira sa ibang lugar(temporary dispatch). (2) Ang tulong ay maaaring kanselahin dahil sa mga kadahilanang tulad ng paglipat ng sambahayan o paglipat pagkatapos maaprubahan.	

【Net income na itinakda para makatangap ng tulong】

Household member	2 tao	3 tao	4 tao	5 tao	6 tao
Net Income	2,254,000 yen	2,773,000 yen	3,334,000 yen	3,741,000 yen	4,278,000 yen

※Kung higit sa 6 na tao ang miyembro ng household ay dagdagan ng 470,000yen kada tao.

※Kahit tumatanggap ng Child rearing allowance, kapag ang halaga ng net income ay mas malaki kaysa itinakdang pamantayan ay hindi karapat-dapat para sa tulong.

※Kung nasa ilalim ng Livelihood Protection (Seiktasu hogo), hindi mabibigyan ng tulong para sa gastos sa pag-enrol.

※Mangyaring kumunsulta nang hiwalay kapag nagkaroon ng problema sa pananalapi dahil sa ‘di maiiwasang sitwasyon tulad ng biglaang kawalan ng trabaho at iba pa.

Subukang kalkulahin ang kabuuang kita ng sambahayan



Division	Net Income	Remarks
Tatay ng bata	a yen	Isama ang income kahit nakatira sa ibang lugar(temporary dispatch)
Nanay ng bata	b yen	
Iba pang may kita na household member (17yrs. pataas)	c yen	Income ng ibang miyembro ng pamilyang kasama sa tahanan (Lolo, lola at iba pa)
Miyembro ng pamilya (Lahat) ___katao	Total amount ng net income (a＋b＋c) yen	Kasama sa miyembro ng household ang bata

＊＊＊**Para sa mga katanungan**＊＊＊Toyohashi Secretary Board of Education, School Education Division Toyohashi City Hall East bldg.11th floor（☎51－2825）（☎51－2077 interpreter）